
## Banghay-Aralin sa Edukasyon sa Araling Panlipunan VI

**May-Akda: Charmaine Joy Cepida**
**Designation: Teacher I**
**Paaralan: Carles Central School**




**I. Layunin**

1. Naihahambing ang buhay ni José Rizal kay Andres Bonifacio
2. Naisasabuhay ang kuwento ng dalawang bayani
3. Nabibigyang-halaga ang pagmamahal sa bansa

**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "*Dalawang Bayani ng Bansa"*
2. ***May-akda:*** Rene O. Villanueva
3. ***May-guhit:*** Joel Jason O. Chua
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa Bansa

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**
   Ano ang inyong naiisip kapag naririnig ang salitang BAYANI?
   Gumamit ng web map sa pagsulat ng kasagutan ng mga bata.

2. **Paghawan ng Balakid**
   Pag-isipan ang kahulugan ng mga salita gamit ang mga sumusunod na pangungusap.

   a. Nais nila ng kasarinlan sa pamamagitan ng karapatang magpasya para sa kanilang mga sarili kung ano ang mabuti at kung ano ang masama.
   kasarinlan - Kalayaang magpasya para sa sarili

   b. Masigasig na nakibahagi at tumulong si Jose sa gawaing pangkomunidad.
   masigasig - Masiglang nakibahagi

   c. Mahilig siyang maglaro ng karilyo.
   Magpapakita ang guro ng isang video ng isang karilyo.
   karilyo - "shadow play"

   d. Tinuturing siyang herbolaryo ng kanilang kapitbahay dahil gumagamit siya ng iba't ibang klaseng halaman sa panggagamot.
   herbolaryo – taong gumagamit ng halaman sa paggagamot.

   e. Inulan siya ng batikos ng mga kasamahan sa kanilang pagpupulong dahil sa hindi pagsang-ayon sa mga gusto nila.
   Batikos - pamumuna ng mga kritiko

3. **Pagbasa ng Kuwento**
   Mode of Delivery: Paired Reading
   Maghanap ng kapareha at basahin ang kuwentong *Dalawang Bayani ng Bansa* at sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan.

   1. Sino ang dalawang bayani sa kwento?
   2. Bakit naisipan ni Rizal na sumulat ng mga nobela tungkol sa mga pangyayari noong panahon ng Espanyol?
   3. Anu-ano ang mga naging dulot ng kilusang itinatag laban sa mga Espanyol?
   4. Bakit itinuturing na bayani sina Rizal at Bonifacio?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

5. Ang ating dalawang bayani ay may magkaibang paraan ng pakikipaglaban sa mga Espanyol. Ano ang ginamit na sandata ni Rizal? Ano ang ginamit na paraan ni Bonifacio? Ano ang masasabi mo sa mga paraang ito?

**4. Pagkatapos Bumasa**

a. Talakayan

Pag-usapan ang iba't ibang pananaw at kaisipan tungkol sa mga sumusunod na tanong.

Discussion Guide

1. Batay sa kuwentong nabasa ninyo, sino kina Rizal at Bonifacio ang mas kahanga-hanga? Bakit?
2. Ano ang ibig sabihin ng pagiging Bayani ng bansa?
3. Kailan masasabing bayani ang isang tao?
4. Kailangan bang magbuwis ng buhay para matawag na isang bayani?
5. Ano ang ibig sabihin ng pagiging Makabayan? Paano ito naisasabuhay ng isang mamamayan?
6. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng Katarungan sa bansa? Paano ito naipakikita ng isang mamamayan?


b. Pangkatang-Gawain

Maaaring gamitin ang isa sa mga sumusunod na pangkatang-gawain:

- Gumawa ng maikling dula-dulaan tungkol sa buhay ni Rizal o Bonifacio
- Gumawa ng maikling tula ng pasasalamat sa kabayanihan ni Rizal o Bonifacio

**IV. Paglalapat**

Venn Diagram: Paghambingin ang dalawang bayani gamit ang Venn Diagram.




**V. Pagpapahalag**

Ang antas sa buhay ay hindi hadlang para makatulong sa Inang Bayan. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pagmamahal mo sa Bayan?

**VI. Takdang-Aralin**

Gumawa ng tatlong talatang reaksyon kung sino ang karapat-dapat na tawaging Pambansang Bayani.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation